Checklist ng Aplikasyon ng Tulong ng FEMA

Release Date: Mar 23, 2024

Ang mga may-ari ng bahay at nangungupahan sa San Diego County na nagkaroon ng pinsala o pagkawala na dulot ng Enero 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha ay maaaring mag-aplay para sa tulong sa sakuna ng FEMA. Ang deadline para mag-apply ay Abril 19, 2024.

Bago ka magsimula ng iyong aplikasyon ng FEMA, paki handa ang mag impormasyon sa ibaba.

- Numero ng Social Security
  - Ikaw, iba pang adulto, o isang menor de edad na miyembro ng iyong sambahayan ay dapat mayroong numero ng Social Security. Ikaw o sila ay dapat ding isang mamamayan ng U.S., hindi mamamayan ng bansa, o kwalipikadong hindi mamamayan.
  - Kung ikaw ay walang numero ng Social Security, pumunta sa page ng Social Security Number and Card. Ikaw ay makakakuha ng instruksyon kung ano ang gagawin at anong mga dokumento ang iyong kakailanganin.
  - Sa sandaling ikaw ay mayroon ng numero ng Social Security, maari kang bumalik sa DisasterAssistance.gov o tumawag sa FEMA Helpline para mag-apply.
- Impormasyon ng Seguro
  - Ilarawan ang (mga) uri ng saklaw ng seguro na mayroon ka. Maaaring kabilang sa saklaw nito sa ilalim ng mga patakaran seguro tulad ng mga may-ari ng bahay, baha, sasakyan, o mobile home
- Impormasyon ng Pinsala
  - Ilarawan ang pinsalang dulot ng sakuna. Isama ang uri ng sakuna (tulad ng baha, bagyo, o lindol) at ang uri ng bahay o sasakyan (tulad ng condo, mobile home o bahay, o kotse o trak).
- Impormasyong Pinansyal
  - Ibigay ang iyong kabuuang taunang kita ng sambahayan, bago ang mga buwis, sa panahon ng sakuna

- Kontact na Impormasyon
  - Ibigay ang tirahan at numero ng telepono ng ari-arian kung saan nangyari ang pinsala at ang tirahan at numero ng telepono kung saan ka namin makontak ngayon.
- Impormasyon ng Direct Deposit (opsyonal)
  - Kung naaprubahan, maaari naming ideposito ang iyong mga pondo nang direkta sa iyong bank account. Kailangan mo lamang ibigay ang mga sumusunod na impormasyon ng bangko:
    - Pangalan ng bangko
    - Uri ng account (tulad ng checking o savings)
    - Routing number
    - Numero ng Account

May mga Ilang Paraan sa Pag-a-apply

- Pumunta online sa DisasterAssistance.gov,
- Gamitin ang FEMA mobile app.
- Tawagan ang 800-621-3362 mula 10 n.u. hanggang 7 n.h. PT araw-araw. Kung ikaw ay gumagamit ng isang relay service tulad ng video relay service (VRS), captioned telephone service o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa naa-access na video kung paano mag-apply ng tulong magpunta sa, Three Ways to Apply for FEMA Disaster Assistance - YouTube.

- Bisitahin ang Disaster Recovery Center. Sa isang DRC, ikaw ay maaaring makakuha ng tulong sa pag-aaplay para sa tulong pederal at mga pautang sa sakuna, pag-update ng mga aplikasyon at matuto tungkol sa iba pang magagamit na mga mapagkukunan. Ang pag-tsek ng katayuang imigrasyon ay hindi magagawa sa mga DRC.

  Ang mga lokasyon ay nasa ibaba:

  Mountain View Community Center

  641 South Boundary Street

  San Diego, CA 92113

Spring Valley Library

836 Kempton Street

Spring Valley, CA 91977

Ang parehong mga sentro ay bukas mula 10 n.u. hanggang 7 n.h. PT, araw-araw maliban ninotahan.

Para sa pinakabagong impormasyon ng FEMA sa Enero 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha ng San Diego County, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4758.